



Mga Patnubay sa Arts in Parks 2026

Pangkalahatang impormasyon sa Grant

Mula noong 2016, ang Seattle Office of Arts & Culture (OAC) ay nakipagsosyo sa Seattle Parks and Recreation (PARKS) upang dagdagan ang mga kaganapang nakabatay sa sining at kultura sa mga parke sa buong lungsod. Sa pamamagitan ng programang Arts in Parks (AiP), ang Lungsod ay namumuhunan sa masiglang gawaing pangkultura na ginagawa sa at ng magkakaibang komunidad sa buong Seattle.

Sinusuportahan ng programang ito ang mga organisasyon, grupo ng komunidad, mga grassroots collective, at mga indibidwal na artist na naglalayong i-activate ang mga parke ng Seattle sa pamamagitan ng sining at kultura sa mga lugar ng lungsod na kulang sa serbisyo at limitado ang ekonomiya. Sinusuportahan ng grant na ito ang mga bago at itinatag na mga proyekto na nagtataguyod ng pakikilahok sa sining at kultura, nagdiriwang ng pagkakaiba-iba, at nagtatayo ng komunidad habang kumokonekta sa mga madla mula sa mga komunidad na hindi pa naseserbisuhan sa kasaysayan at/o hindi naseserbisuhan na kumakatawan sa pagkakaiba-iba ng Seattle.

Para sa impormasyon at tulong sa pag-aaplay, pag-draft ng feedback sa aplikasyon, pagiging karapat-dapat, o online na teknikal na suporta, makipag-ugnayan kay **Zach Frimmel, Grants Project Manager**, sa (206) 963-9226 o Zach.Frimmel@seattle.gov.

Mayroon kaming mga tagasalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video). Tumawag lamang sa amin at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang sandaling paghihintay habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

Aplikasyon

[Mag-apply online](#) sa pamamagitan ng website ng pagbibigay ng Lungsod ng Seattle.

Kung wala kayong computer o access sa internet, tawagan ang kawani sa lalong madaling panahon.

Takdang Petsa

Martes, Okt. 28, 2025, 5 pm (Pasipiko)

Mangyaring magbigay ng sapat na oras upang makumpleto ang inyong aplikasyon. Ang mga aplikasyon na isinumite pagkatapos ng 5 pm (Pasipiko) na takdang petsa ay hindi tatanggapin.

Karapat-dapat

Kayo ay kwalipikadong mag-aplay para sa grant na ito kung natutugunan ninyo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Isa kang indibidwal, organisasyon, o grupo ng komunidad na regular na nagtatanghal ng mga programang nakabatay sa sining at kultura sa Seattle.
- Nakatira ka sa King County o unincorporated King County sa loob ng Washington State.
 - Ang mga organisasyon at indibidwal na artist na kumakatawan sa magkakaibang mga komunidad ng Seattle ay hinihikayat na mag-aplay.
- Mayroon kayong numero ng Federal Tax ID (Social Security Number, ITIN, o Employee Identification Number).
 - Ang mga grupo ay hindi kinakailangang maging isang 501(c)(3) nonprofit, at hindi rin sila kinakailangan na gumamit ng fiscal sponsor o fiscal agent.

Hindi ka karapat-dapat na gawaran para sa grant na ito kung mayroon kang bukas na kontrata sa AiP pagkatapos ng Disyembre 31, 2025.

Pagpopondo

Maaari kang mag-aplay para sa mga sumusunod na halaga:

- \$2,000
- \$4,000
- \$6,000
- \$8,000*

Mga Workshop na Pang-impormasyon

Alamin pa ang tungkol sa grant na ito at kung papano isumite and inyong pinaka-maayos na aplikasyon.

Impormasyon na Sesyon 1 (Birtual)

Miyerkules, Setyembre 24, 3 - 4:30 ng hapon (Pasipiko)

Virtual: Microsoft Teams

[RSVP hanggang Setyembre 24](#)

Impormasyon na Sesyon #2 (sa personal)

Miyerkules, Okt. 8, 6 - 7:30 ng gabi (Pasipiko)

Sa personal: Garfield Community Center

[RSVP hanggang Okt. 8](#)

Draft Application Feedback Session (Virtual)

Huwebes, Okt. 16, 4:30 - 6:00 pm (Pasipiko)

Birtual: Microsoft Teams

[RSVP hanggang Okt. 16](#)